

MAYROON KANG MGA KARAPATAN: PROTEKTAHAN ANG IYONG KALUSUGAN PUMUNTA SA DOKTOR NA-UPDATE NOONG PEBRERO 2020

Iniiisip ng mga doktor at nurse ang tungkol sa iyong kalusugan, at hindi ang tungkol sa status mo sa imigrasyon. Makakakuha ng pangangalaga ang mga pasyente nang may katiyakang mananatiling pribado ang kanilang personal na impormasyon. May patakaran din ang mga ahensya ng imigrasyon na iiwasan ang mga operasyon ng pagpapatupad sa mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan na tulad ng mga ospital, klinikang pangkalusugan, tanggapan para sa agarang pangangalaga at tanggapan ng mga doktor.



Hindi dapat magtanong ang mga nagtatrabaho para sa pangangalagang pangkalusugan ng impormasyon tungkol sa status sa imigrasyon. Dapat tulungan ang sinumang nangangailangan ng mga emergency na serbisyo sa mga emergency room ng ospital at gayundin sa mga center na pangkalusugan ng komunidad. Gagamutin ka nila kahit na ikaw ay mayroon o walang insurance, pera o mga dokumento ng imigrasyon. Kung may magtatanong sa iyo tungkol sa insurance na pangkalusugan, maaari mong sabihing “Hindi ako kwalipikado para sa insurance na pangkalusugan at ayokong mag-apply.”

May karapatan ang lahat na magkaroon ng interpreter kapag humihiling ng pangangalagang pangkalusugan o nag-a-apply para sa insurance na pangkalusugan. May karapatan kang magkaroon ng interpreter nang libre kapag humihiling ka ng pangangalaga sa isang ospital o center na pangkalusugan ng komunidad. Maaaring gumamit ang mga ospital at center na pangkalusugan ng komunidad ng mga bilingual na kawani, serbisyo ng pagpapaliwanag sa telepono, o kwalipikadong in-person na interpreter na magbibigay ng tulong sa mga pasyente. Mayroon ka ring karapatan na magkaroon ng interpreter nang libre kapag nag-a-apply ka para sa Medicaid, CHIP, o isang ACA plan.

Maaari ka pa ring makatanggap ng pangangalagang pangkalusugan nang walang insurance. Kasama rito ang mga pangangalaga sa emergency room, center na pangkalusugan ng komunidad, center na pangkalusugan para sa migrante, libreng klinika, at pampublikong ospital. Mayroon kang mga opsyon.

- Para maghanap ng center na pangkalusugan: <https://findahealthcenter.hrsa.gov>
- Buscar un centro de salud: <https://findahealthcenter.hrsa.gov/widgetspanish/>
- Para maghanap ng libre o pangkawanggawang klinika, pumunta sa: www.nafcclinics.org/find-clinic

Ligtas at mainam na magpatingin sa doktor at pumunta sa emergency room kung nangangailangan ka ng pangangalaga.

Igagalang ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ang iyong karapatan sa privacy. Hindi ka tatanungin tungkol sa iyong status sa imigrasyon, maliban na lang kung mag-a-apply ka para sa insurance. Hindi dapat maging hadlang ang iyong status sa imigrasyon sa pagtanggap mo ng pangangalaga.

Maaaring hanapan ka ng mga ospital o doktor ng photo ID na magpapakitang iisa lang ang taong humihiling ng paggamot at ang taong nakalista sa mga medikal na talaan o reseta. Kung wala kang photo ID, maaari mong sabihing “Nangangailangan ako ng medikal na pangangalaga pero wala akong photo ID.”

MAYROON KANG MGA KARAPATAN: PROTEKTAHAN ANG IYONG KALUSUGAN INSURANCE NA PANGKALUSUGAN



Maraming imigrante ang kwalipikado para sa insurance na pangkalusugan. Kung mayroong saklaw sa kalusugan, mapapangalagaan ang mga simpleng problema bago pa lumalala o mas maging magastos ang mga ito. Ang pananatiling malusog ay nagbibigay-daan sa iyong patuloy na makapagtrabaho at masuportahan ang iyong pamilya.

Pinapairal pa rin ang Batas sa Abot-kayang Pangangalaga (Affordable Care Act o ACA, o Obamacare). Dapat kang mag-apply para sa insurance na pangkalusugan kung kwalipikado ka. Hindi sigurado kung kwalipikado ka o ang miyembro ng pamilya? May available na libreng tulong sa pagpapatala malapit sa iyo. Pumunta sa <https://localhelp.healthcare.gov/> upang maghanap ng in-person na tulong sa iyong lugar.

May mahihigpit na panuntunan sa privacy na magpoprotekta sa iyong personal na impormasyon kapag nag-a-apply para sa insurance na pangkalusugan Ang anumang impormasyong ibinibigay mo kapag nag-a-apply ka para sa Medicaid, Programang Insurance na Pangkalusugan ng Mga Bata, o Batas sa Abot-Kayang Pangangalaga (Affordable Care Act o ACA, o Obamacare) ay gagamitin lang upang matukoy ang pagiging kwalipikado mo para sa, o upang mapangasiwaan ka sa programa. Hindi dapat ibahagi ang impormasyong ito para sa iba pang kadahilanan.

Hindi mo kailangang sabihin ang iyong status sa imigrasyon kung nag-a-apply ka para sa insurance na para sa iyong mga anak o miyembro ng pamilya. Para sa Medicaid, CHIP, o ACA, ang tao lang na humihiling ng saklaw ang dapat na magpahayag ng kanyang pagkamamamayan o status sa imigrasyon. Kung nag-a-apply ka sa ngalan ng kwalipikadong miyembro ng pamilya, tulad ng anak, ang impormasyon lang niya ang kailangan mong ibahagi. Kung wala kang dokumento at nag-a-apply ka para sa isang miyembro ng pamilya, hindi ka dapat magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa iyong status sa imigrasyon. Sa halip, maaari mong sabihing “Hindi ako nag-a-apply para sa sarili kong insurance na pangkalusugan.”

Hinadlangan ng mga hukuman ang pag-aatas ng presidente na magkaroon ng insurance na pangkalusugan ang mga taong kumukuha ng immigrant visa mula sa ibang bansa.

Maaaring nabalitaan mo nang gustong iatas ng Presidente sa mga bagong imigrante na magkaroon ng insurance na pangkalusugan. Pansamantala nang nahadlangan ng pederal na korte ang pag-aatas na ito. Kung maipapatupad ito, malalapat lang ang pag-aatas na ito sa mga imigranteng gustong makapasok sa US mula sa ibang bansa o kailangang pumunta sa ibang bansa para sa kanilang panayam para sa green card. Hindi ito nalalapat sa mga tao na sa US ang mga panayam para sa green card, o sa mga refugee, asylee o mga taong gustong kumuha ng non-immigrant visa (tulad ng mga magsasaka). Mayroon ding iba pang pagbubukod.

Ang karamihan ng mga taong napapailalim sa pampublikong pananagutan ay hindi kwalipikado para sa uri ng medikal na saklaw na isinasaalang-alang sa pagsusuring ito Hindi isinasaalang-alang sa pagsusuri ng pampublikong pananagutan ang Emergency Medicaid, Medicaid na natanggap sa panahon ng pagbubuntis at sa loob ng 60 araw pagkatapos nito, at ang Medicaid na natanggap ng mga batang wala pang 21 taong gulang. Ang pederal na Medicaid lang na natanggap ng mga buntis na nasa hustong gulang (at hindi nagsilang kamakailan) ang isinasaalang-alang. Hindi isinasaalang-alang sa pagpapasya ukol sa pampublikong pananagutan ang iba pang saklaw sa kalusugan, kabilang ang saklaw sa marketplace na may mga subsidiya, ang Programang Insurance na Pangkalusugan ng Mga Bata (Children’s Health Insurance Program o CHIP), saklaw sa kalusugang pinopondohan ng estado at mga serbisyo ng center na pangkalusugan ng komunidad.

Inirerekomenda naming makipag-usap ka sa isang eksperto para mapayuhan ka sa iyong sitwasyon bago ka gumawa ng anumang desisyon tungkol sa pagpapatala sa saklaw sa kalusugan. Para sa libre o mga murang opsyon sa iyong lugar, pumunta sa:

<https://www.immigrationadvocates.org/nonprofit/legaldirectory/>.